# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #9

*Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG/FOODSAFETY

**OAR 333-150-0000, KABANATA 6-501.115**

(E) Maaaring payagan ang mga alagang aso sa mga lugar na upuan sa labas ng establisyemento ng pagkain sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:
(1) Ihahanda ng establisyemento ng pagkain ang nakasulat na mga pamamaraan na naglalaman ng:
(a) Diagram ng lugar sa labas na itatalaga para gamitin ng mga consumer na may mga alagang aso;[Pf]
(b) Ang pamamaraan ng establisyemento para tiyakin na hindi hihipuin, hahaplusin o kaya naman ay hahawakan ng mga empleyado ang mga alagang aso at para sa agarang paglilinis sa mga pangyayaring kinasasangkutan ng dumi ng aso. Dapat ding ilarawan ng pamamaraan ang lokasyon ng mga materyal at kagamitang kinakailangan para sa paglilinis sa mga pangyayaring kinasasangkutan ng dumi ng aso;[Pf] at
(c) Ang pamamaraan ng establisyemento para ipaalam sa mga empleyado at mga consumer ang mga kinakailangan sa parapong ito.[Pf]
(2) Ang mga alagang aso ay hindi dapat mapadikit sa mga plato, kubyertos at kubyertos sa paghahain. Ang mga alagang aso ay hindi pinapayagan sa mga upuan, lamesa at iba pang mga kasangkapan.[Pf]
(3) Hindi maaaring bigyan ng pagkain ng mga empleyado at mga consumer ang mga alagang aso.[Pf]
(4) Dapat nakatali at kontrolado ng consumer ang mga alagang aso sa lahat ng oras.[Pf]
(5) Hindi pinapahintulutan anumang oras ang mga alagang aso na pumasok sa loob o sa bahagi sa labas ng establisyemento ng pagkain na hindi itinalaga.[Pf]

**MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:**

Kabilang sa mga alalahanin sa kalusugan ang; pagdumi ng alagang hayop sa sahig, paghaplos ng mga empleyado sa mga ito at hindi huhugasan ang kanilang mga kamay, kinakainan ng mga aso ang mga plato ng customer at pagkilos nang nakagagambala. Sa pag-aaral sa mga banta sa kalusugan, tinukoy ng Sangay ng Pampublikong Kalusugan ang mga uri ng kaayusan ng kainan sa labas na magpapakita ng mababa, kaunti o walang peligro sa publiko. Sa ganitong mga kaayusan, ang mga may-ari ng restawran na pinapayagan ang mga aso sa mga lugar ng kainan sa labas ay kinakailangang sumunod sa mga kasanayan para mabawasan ang mga potensyal na peligro. Walang pagbabago para sa mga lugar ng kainan sa loob. Ang mga hayop lamang na pinapayagan sa loob ng mga restawran ay ang mga hayop na nagseserbisyo kasama ang mga taong may kapansanan o mga hayop na nagseserbisyo gaya ng mga aso ng pulis.

## Mga Alagang Aso sa mga Nakalaang Upuan sa Labas

Pinapayagan ng bagong probisyon ng tuntunin ang operator ng serbisyong pagkain na ialok ang lugar na nakatalagang upuan sa labas para sa mga parokyanong nagnanais na kumain kasama ang kanilang alagang aso. Dapat magbigay ang mga establisyemento na gustong payagan ang mga alagang aso ng nakasulat na pamamaraan na nagpapakita kung paano tutugunan ang mga alalahanin sa pampublikong kalusugan bago payagan ang mga aso ng parokyano sa mga lugar na ito.

Dapat ibigay ang sumusunod na impormasyon:

1. Maglagay ng dayagram at ilarawan ang lugar sa labas na itatalaga para gamitin ng mga parokyano na may mga alagang aso.

2. Ilakip ang kopya ng patakaran ng establisyemento para sa lahat ng empleyado na may nakasaad na "Ipinagbabawal sa mga empleyado na hipuin, tapikin, o hawakan ang mga aso habang naghahain ng pagkain o mga inumin, naghahanda ng kubyertos ", at " At ang mga di -inaasahang pangyayaring nagdumi ang aso ay dapat linisin kaagad". Dapat ding ilarawan ng patakaran ang lokasyon ng waste kit ng aso.

3. Ilarawan ang paraan ng pagpapabatid sa mga empleyado at mga parokyano ng establisyementong nagsisilbi ng pagkain para sa sumusunod:

- Ang mga alagang aso ay hindi dapat mapadikit sa mga plato, kubyertos at kubyertos sa paghahain. Dapat panatilihin ng mga parokyano na nakatali at kontrolado ang kanilang mga aso sa lahat ng oras.

- Hindi dapat payagan ang mga aso sa mga upuan, lamesa, o sa ibang pang mga muwebles.



***Pinapayagan ang mga hindi malikot na aso***

- Hindi pahihintulutan anumang oras ang mga alagang aso na pumasok sa loob o sa bahagi sa labas ng establisyementong nagsisilbi ng pagkain na hindi itinalaga. **Pinapayagan** ang mga asong nagseserbisyo sa loob sa mga lugar ng customer.

- Ang mapanganib at posibleng maging mapanganib na mga aso ay ipinagbabawal. Maaaring hindi papasukin ng establisyemento ng pagkain ang mga aso sa lugar.



Oregon Health Authority